Lungsod at County ng San Francisco London N. Breed
Alkalde

San Francisco Department of Public Health
Grant Colfax,
MD Direktor ng Kalusugan

Minamahal na Mga Employer sa San Francisco*:

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa sa panahon ng pagsubok na ito upang matiyak na maayos ang kalagayan ng inyong mga empleyado at walang panganib na maikalat nila ang COVID-19 sa ibang tao sa lugar ng trabaho. Lubos naming pinahahalagahan ang lahat ng inyong pagsusumikap upang baguhin ang inyong mga negosyo at pang-araw-araw na pamumuhay upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at makapagligtas ng mga buhay.

Bilang pagsusumikap na suportahan ang kaligtasan sa lugar ng trabaho at pagbangon ng ekonomiya, nais naming ipaalala sa inyo na ayon sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC), **ang mga empleyadong nagkaroon ng COVID-19 ay itinuturing na hindi na nakakahawa at maaari nang bumalik sa trabaho kung:**

- **10 araw na ang nakalipas mula noong nagsimula ang kanilang mga sintomas AT**
- **bumuti na ang kanilang mga sintomas AT**
- **hindi bababa sa 24 na oras na ang nakalipas mula noong huling beses na nagkaroon sila ng lagnat at gumaling sila nang hindi umiinom ng gamot na pampababa ng lagnat**

Kung hindi nagkaroon ang empleyado ng mga sintomas at nagpositibo siya sa pagsusuri para sa COVID-19 virus, itinuturing siyang hindi na nakakahawa at puwede siyang bumalik sa trabaho 10 araw pagkalipas ng kanyang positibong resulta ng pagsusuri.

Kinumpirma ng CDC at Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) na:
Hindi dapat humiling ang mga employer ng medikal na tala para sa clearance upang makabalik sa trabaho o ng negatibong resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 mula sa mga empleyadong na-diagnose na may COVID-19 bago payagan ang mga empleyado na bumalik sa trabaho.

Ang paghiling sa mga empleyado na magbigay ng medikal na tala o katibayan ng negatibong resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 virus pagkatapos nilang ma-diagnose ay gumagawa ng backlog sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan, hindi kinakailangan, nakakaantala sa pagbabalik sa trabaho, at nagdudulot ng abala sa availability ng pagsusuri para sa iba na kailangang magpasuri. Ang mga empleyado ay itinuturing na hindi na nakakahawa at puwede nang bumalik sa trabaho kapag natutugunan nila ang mga pamantayang inilalarawan sa itaas.

Maaaring i-print ng inyong empleyadong nagkaroon ng COVID-19 ang sulat na ito upang magsilbing:

1) katibayan na makakabalik na siya sa trabaho basta't natutugunan niya ang mga pamantayan sa itaas (mas nakadetalye sa www.sfcdcp.org/rtw), at/ o
2) katibayan na hindi dapat humiling ang mga employer ng katibayan ng negatibong resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 virus para payagang makabalik sa trabaho. Makikita ang liham na ito online sa www.sfcdcp.org/workletter

Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na mapagkukunan para sa higit pang detalye.
- Ending Isolation or Returning to Work for Those Who Have Confirmed or Suspected COVID-19 (Pagtatapos sa Pag-isolate o Pagbabalik sa Trabaho para sa Mga Kumpirmado o Pinaghihinalaang May COVID-19): www.sfcdcp.org/rtw
- What To Do if Someone in the Workplace Has COVID-19 (Ang Dapat Gawin Kung Mayroong May COVID-19 sa Lugar ng Trabaho): www.sfcdcp.org/covid19-positiveworkplace
- General San Francisco-specific information for employers (Pangkalahatang impormasyon para sa mga employer na partikular sa San Francisco): www.sfcdcp.org/businesses
- General CDC guidance for employers (Pangkalahatang gabay ng CDC para sa mga employer): www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidancebusiness-response.html

*hindi naaangkop sa mga pasilidad ng sanay na pangangalaga

Salamat sa lahat ng ginagawa ninyo para mapanatiling malusog ang ating komunidad,

Tomás J. Aragón, MD, DrPH
Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod at County ng San Francisco
SFDPH | 101 Grove Street, Room 308, San Francisco, CA 94102

Pagbabalik sa Trabaho para sa Mga Nagkaroon ng COVID-19

Kung nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 ang inyong empleyado, maaari siyang bumalik sa trabaho kung sasagot siya ng "Oo" sa lahat ng tatlong tanong sa ibaba:

1. 10 araw na ba ang nakalipas mula noong nagsimula ang iyong mga sintomas?
   - ☐ Oo, 10 araw na ang nakalipas mula noong nagsimula ang aking mga sintomas.
     Petsa ng pagsisimula ng mga sintomas:_____
   - ☐ Hindi, wala pang 10 araw mula noong nagsimula ang aking mga sintomas

2. Bumuti ba ang iyong mga sintomas?
   - ☐ Oo, bumuti na ang aking mga sintomas
   - ☐ Hindi, hindi bumuti ang aking mga sintomas

3. Mahigit 24 na oras na ba ang nakalipas mula noong huling beses kang nagkaroon ng lagnat na 100.4F (38C) o mas mataas at gumaling ka nang hindi umiinom ng mga gamot na pampababa ng lagnat?
   - ☐ Oo, mahigit 24 na oras na ang nakalipas mula noong nagkaroon ako ng lagnat at gumaling ako nang hindi umiinom ng mga gamot na pampababa ng lagnat
   - ☐ Hindi, wala pang 24 na oras mula noong nagkaroon ako ng lagnat

Kung hindi nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 ang inyong empleyado, maaari siyang bumalik sa trabaho kung sasagot siya ng "Oo" sa sumusunod na tanong:

1. Mahigit sampung araw na ba ang nakalipas mula noong nagkaroon ka ng positibong resulta ng pagsusuri para sa COVID-19?
   - ☐ Oo, mahigit sampung araw na ang nakalipas mula noong nasuring positibo ako para sa COVID-19 virus.
     Petsa ng positibong resulta ng pagsusuri:_____
   - ☐ Hindi, wala pang sampung araw ang nakalipas mula noong nasuring positibo ako para sa COVID-19 virus

Pangalan ng Empleyado_____

Lagda ng Empleyado_____